# GABAY

*by:*
**Vicent R. Navarro**
*OIC – Assistant Principal, FC del Rosario Integrated School*

Mula sa pagkabata parang lahat naman tayo nangangailangan ng isang tao na naniniwala sa atin. Sa ating mga sinasabi, sa ating mga iniisip, sa mga layunin at kakayahan natin. Nang matuto  tayong humakbang an gating mga magulang ay nandiyan upang tayo ay gabayan. Natatakot silang tayo ay madapa at masaktan. Lumaki sa pagmamahal at pag-aalaga, sa pagtatama kapag tayo ay nagkakamali.

Habang lumalaki ay nagkakaroon ng sariling mundo. Pumipili na tayo ng mga taong nais nating makasama, mga kaibigan na kapareho ng damdamin natin,gawi at pinaniniwalaan. Mga taong inaasahan nating hindi tayo iiwan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Matuling lumipas ang panahon, nakita nating hindi lahat ng dumating ay mananatili, mayrong umaalis ngunit nag-iiwan ng aral sa atin.Mayroon ding nanatili at sinamahan tayo hanggang sa huli.

Ginabayan tayo ng mundo, ginabayan tayo ng mga taong pinadala sa atin at isinugo. Nandito tayo ngayon matatag at mabunga dahil sa kanila. Dahil sa kanila tayo ay naging matatag at matapang. Sapagkat ngayon tayo naman ang magiging gabay.

Tayo naman ang magbibigay ng tulong at inspirasyon para sa iba. Tayo naman ang nagtatanim ng pagpapahalaga at pagtitiwala. Ang ating mga bunga ay pinipitas na.

Bilang pang-ulong guro sa paaralang aking pinaglilingkuran malaking bahagi ng binuong pagpapahalaga at paghubog ng aking mga magulang ang aking nagagamit.Bilang gabay sa mga guro hindi lamang ito responsibilidad na binibiro. Pagiging mabuting halimbawa sa lahat ng bagay ang kailangang sa kanila ay aking

maituro upang makasigurado na sa kanilang pagharap sa mga batang mag-aaral sila ay inspirado at masaya.

Ginabayan ako nuon kaya naman ako ay isang mabuting gabay ngayon. Salamat sa aking mga magulang ,sa mga naging guro ,kalaro at kaibigan dahil sa kanilang paggabay ako ay nabuo.

*References:*

https://www.rappler.com>
https://www.deped.qov.ph>

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan